

**MGA TUNTUNIN NG  
ORTOGRAPIYANG  
PAMBANSA**

# Mga Grafema

Pinakamaliit na yunit o bahagi ng isang sistema ng pagsulat

Sa ortograpiyang Filipino...

1.1 Titik

1.2 Di-titik

# 1.1 Titik o letrá

- Dalawampu't walong (28) titik
- Binibigkas o binabása sa tunog-Ingles maliban sa Ñ

# 1.1 Titik o letrá

<b>Aa</b> <i>ey</i>	<b>Bb</b> <i>bi</i>	<b>Cc</b> <i>si</i>	<b>Dd</b> <i>di</i>	<b>Ee</b> <i>i</i>	<b>Ff</b> <i>ef</i>	<b>Gg</b> <i>dyi</i>
<b>Hh</b> <i>eyts</i>	<b>Ii</b> <i>ay</i>	<b>Jj</b> <i>dyey</i>	<b>Kk</b> <i>key</i>	<b>Ll</b> <i>el</i>	<b>Mm</b> <i>em</i>	<b>Nn</b> <i>en</i>
<b>Ññ</b> <i>enye</i>	<b>Ngng</b> <i>endyi</i>	<b>Oo</b> <i>o</i>	<b>Pp</b> <i>pi</i>	<b>Qq</b> <i>kyu</i>	<b>Rr</b> <i>ar</i>	<b>Ss</b> <i>es</i>
<b>Tt</b> <i>ti</i>	<b>Uu</b> <i>yu</i>	<b>Vv</b> <i>vi</i>	<b>Ww</b> <i>dobolyu</i>	<b>Xx</b> <i>eks</i>	<b>Yy</b> <i>way</i>	<b>Zz</b> <i>zi</i>

## 1.2 Di-titik

- Binubuo ng tuldik at bantas

Tuldik o Asento - gabay sa paraan ng pagbigkas ng mga salita

Bantas - kumakatawan sa mga patlang at himig ng pagsasalita sa pagitan ng mga titik at pantig

# Pantig at Palapantigan

Pantig-isang yunit ng tunog na binubuo ng isang patinig o kambal-patinig at isa o mahigit pang katinig

Pagpapantig-paraan ng paghati sa isang salita alinsunod sa mga pantig na ipinambuo dito

<b>Kayarian</b>	<b>Halimbawang salita</b>
P	a•a
KP	bi•be
PK	ok•ok
KPK	pat•pat, fag•fag•to
KKP	pla•pla
PKK	arm, urn
KPKK	dorm, form
KKPK	plan, tram, fak•ghet
KKPKK	tsart

## 2.2 Pagpapantig ng mga salita

**espesyal**

**es · pes · yal**

**aklat**

**ak · lat**

**ospital**

**os · pi · tal**

**pansit**

**pan · sit**

Kapag may magkasunod na katinig sa loob ng isang salita, ang una ay isinasama sa sinundang patinig at ang ikalawa ay isinasama sa kasunod na pantig



## 2.2 Pagpapantig ng mga salita

**sobre**

**so · bre**

**litro**

**li · tro**

**okra**

**o · kra**

**libro**

**li · bro**

Kataliwasan sa unang tuntunin:

Karaniwan, kung hiram mula sa Español ang mga digrapo gaya ng BR, TR, KR, etc. magkasama ito sa isang pantig at hindi pinaghihiwalay.

## 2.2 Pagpapantig ng mga salita

**eksperto**

**eks · per · to**

**transfer**

**trans · fer**

**inspirasyon**

**ins · pi · ras · yon**

Kapag may tatlong magkakasunod na katinig sa loob ng isang salita, ang unang dalawa ay sumasama sa sinundang patinig at ang ikatlo ay napupunta sa kasunod na pantig

## 2.2 Pagpapantig ng mga salita

**timbre**

**tim · bre**

**templo**

**tem · plo**

**sentro**

**sen · tro**

Kapag ang una sa tatlong magkakasunod na katinig ay sinusundan ng alinman sa BL, BR, DR PL, at TR, ang unang katinig ay isinasama sa unang patinig at ang sumunod na dalawang katinig ay napupunta sa kasunod na pantig

## 2.3 Pantig na Inuulit

**plano**

mag · pa · pla · no

**trabaho**

mag · ta · tra · ba · ho

**close**

i · pa · ko · close

Kapag nagsisimula ang salita sa kambal-katinig o kumpol-katinig (consonant cluster), ang katinig at patinig lamang ang inuulit

# Pagbaybay na Pasulat

“Kung ano ang bigkas, siyang sulat”

-ngunit hindi sa lahat ng pagkakataon

<b>Binibigkas na...</b>	<b>Isinusulat na</b>
<b>Lalake</b>	<b>Lalaki</b>
<b>Baket</b>	<b>Bakit</b>
<b>Duon</b>	<b>Doon</b>

# Gamit ng Walong Bagong Titik

**C, F, J, Ñ, Q, V, X, Z**

- Napakaimportante ng walong bagong dagdag na titik sa Filipino upang maigalang ang mga kahawig na tunog sa mga katutubong wika.

# Gamit ng Walong Bagong Titik

- Walong dagdag na titik

Ang dating 20 titik ng Abakada ay nadagdagan ng walo pang titik: C, F, J, Ñ, Q, V, X, Z

- Apat ay mula sa mga wika ng ibang bansa

C, Ñ, Q, X

- Apat ay mula sa mga wika sa Filipinas

F, J, V, Z

**Paano gagamitin ang mga ito sa Filipino?**

# Gamit ng Walong Bagong Titik

- Gamit ng walong bagong titik sa pagbabaybay

Para sa mga kahawig na tunog sa pagsulat ng mga salita mula sa katutubong wika ng Filipinas

**feyu** (Kalinga) – pipa na yari sa bukawa o sa tambo

**jambangan** (Tausug) – halaman

**zigattu** (Ibanag) – silangan

**falendag** (Teduray) – plawtang pambibig



# Gamit ng Walong Bagong Titik

- **vakúl** (Ivatan) pantakip sa ulo na yari sa damo na ginagamit bílang pananggalang sa ulan at init ng araw
- **kuvát** (Ibaloy) digma
- **vuyú** (Ibanag) bulalakaw
- **zigattú** (Ibanag) silangan
- **zinága** (Ibanag) dinuguan
- **zinanága** (Ibanag) pamana
- **majáw** (Butuan) maganda
- **marajáw** (Surigao) maganda

- **féffed** (Gadang, Yogad) pamaypay
- **futú** (Ibanag Yogad) - pusò
- **futág** (Yog) - pusod
- **fungán** (Yogad) - unan
- **fúfulaót** (Ayg) - butiki
- **folóy** (Ayg) - kubo
- **fánga** (Ayg) - palayok
- **fungál** (Gad) - punò
- **fúllit** (Gad) - gupit
- **fuút** (Gad) - tanong
- **fúwab** (Gad) - hapon

- bádju (Itw) – bagyo
- ju (Itw) – dito
- pádjanán (Itw) – tiráhan
- jásjas (Iby, Î-wak) – hinga
- jábjab (Iby, Î-wak) – pamaypay
- jófan (Gad) – hipan
- fidjáv (Gad) – sipol
- badjáv (Itw) – bagyo
- pádjanán (Itw) – tirahan
- jan (Itw) – saan

- zipíng (Iba) – kambal
- zitá (Iba) – timog
- kazzíng (Iba) – kambing
- zizzíng (Iba) – dindging na yari sa kawayan
- zinágan (Iba) – dinuguan
- ziwánán (Iba) – kanan
- zigû (Iba) – ligo

# Gamit ng Walong Bagong Titik

- Gamit ng walong bagong titik sa pagbabaybay  
Para sa mga bagong hiram na salita na babaybayin sa Filipino

**selfi**

**projektor**

Para sa mga bagong hiram na salita na hindi binabago ang baybay

**visa**

**zigzag**

**level**

**fern**

**jam**

## 4.6 Gamit ng Walong Bagong Titik

- Gamit ng walong bagong titik sa pagbabaybay

Para sa mga pangngalang pantangi

**John McDonald Nueva Vizcaya Mexico**

Para sa mga katawagang siyentipiko at teknikal

**chlorophyll zeitgeist quorum Albizia falcataria**

Para sa mga mahirap dagliang ireispel

**bouquet jaywalking quiz pizza**

## 4.7 Pagrereispiel

- chart                      tsart
- taxi                        taksi
- stand by                istámbay
- schedule                iskédyul
- police                    pulís
- boxing                    bóksing
- recess                    risés
- grocery                  gróserí
- underpass                ánderpás
- highway                 háywey

## 4.7 Pagrereispiel

- traffic            trápik
- graduate        grádweyt
- corny            kórni
- armalite        ármaláyt



## 4.7 Pagrereispiel

- Huwag magreispiel kapag:
  - Kakatwa o kakatawa ang anyo
  - Higit na mahirap basahin kaysa orihinal
  - Nasisira ang kabuluhanang kultural
  - Higit nang popular ang anyo sa orihinal

# Pagrereispiel

- Halimbawa

**carbon dioxide** vs karbon day-oksayd

**baguette** vs baget

**feng shui** vs fung soy

**habeas corpus** vs habyas korpus

**bouquet** vs bukey

**pizza** vs pitsa

**wifi** vs wayfay

# Pagrereispiel

- Pasók ang SK at ST kapag nasa dulo ng salita  
desk                  disk  
test                  kóntest  
pest                  post
- Kapag ang SK o ST ay nasa unahan o gitna ng salita, madalas itong nahahati.

Tanong: Ilan ang pantig ng salitang STOP?

schedule	→	is-ked-yul (iskedyul)
scholar	→	is-ko-lar (iskolar)
style	→	is-tayl (istayl)

# Pagrereispiel

- Walâng KT.

ábstrak      (*abstract*)

ádik          (*addict*)

konék        (*connect*)

korék        (*correct*)

sabjek        (*subject*)

# Pagrereispiel

- Walâng KT.

ábstrak      (*abstract*)

ádik          (*addict*)

konék        (*connect*)

korék        (*correct*)

sabjek       (*subject*)

## Sa panghihiram ng salita, Español muna bago Ingles

Higit na umaalinsunod ang wikang Español sa bigkas at baybay na Filipino kaysa Ingles

bagáhe (*bagaje*) vs bageyds (*baggage*)

birtúd (*virtud*) vs virtyu (*virtue*)

isla (*isla*) vs ayland (*island*)

imahen (*imagen*) vs imeyds (*image*)

sopistikado(*sofisticado*) vs sofistkeyted (*sophisticated*)

# Mag-ingat sa *Siyokoy!*

- Mga salitang hindi Español at hindi rin Ingles
- Hindi matukoy ang pinagmulan

aspekto at hindi *aspeto*

imahen at hindi *imahe*

kontemporaneo at hindi *kontemporaryo*

endoso at hindi *endorse*

kampeon

# Kambal-Patinig

- Sa pangkalahatan, nawawala ang unang patinig sa mga kambal-patinig na I+(A, E, O) at U+(A, E, I) kapag siningitan ng Y at W sa pagsulat.

benepicio → benepisyo

indibidual → indibidwal

teniente → tenyente

aguador → agwador



# Unang Kataliwasan

- Huwag alisin ang unang patinig kapag ang kambal-patinig ay sumusunod sa katinig sa unang pantig ng salita.

<i>tia</i>	→	<i>tIYA</i>
<i>piano</i>	→	<i>pIYAno</i>
<i>pieza</i>	→	<i>pIYEsa</i>
<i>fuerza</i>	→	<i>pUWErsa</i>
<i>viuda</i>	→	<i>bIYUda</i>
<i>cuento</i>	→	<i>kuwento</i>

# Ikalawang Kataliwasan

- Huwag alisin ang unang patinig kapag ang kambal-patinig ay **sumusunod sa dalawa o mahigit pang kumpol-katinig (*consonant cluster*) sa loob ng salita.**

**ostIYA (*hostia*)**

**implYErno (*infierno*)**

**leksIYOn (*leccion*)**

**eleksIYOn (*eleccion*);**

**biskUWIt (*biscuit*)**

**engkUWEntro (*encuentro*)**

Lumuluwag ang pagbigkas at dumadali ang pagpapantig.

# Ikatlong Kataliwasan

Huwag alisin ang unang patinig kapag ang kambal-patinig ay sumusunod sa tunog na H.

mahIYA (*magia*)

estrategIYA (*estrategia*),

kolehIYO (*colegio*)

rehIYOn (*region*).

# Ikaapat na Kataliwasan

Kapag ang kambal-patinig ay nása dulo ng salita at may diin ang bigkas sa unang patinig ang orihinal.

economía (e-co-no-mi-a)

→ ekonomIYA

geografía (geo-gra-fi-a)

→ heograpIYA

filosofía (fi-lo-so-fi-a)

→ pilosopIYA

# Malakas na patinig

Hindi nagdudulot ng kalituhan ang mga kamabal-patinig na may **malakas na unang patinig (A, E, O)**

**idea**

hindi ideya

**leon**

hindi leyon

**teorya**

hindi teyorya

**ideolohiya**

hindi ideyolohiya

**kampeon**

hindi kampiyon

# Palitang E/I at O/U

## Senyas sa Español o sa Ingles

Sa kaso ng E/I, magiging senyas ang E sa mga salitang Espanyol na nagsisimula sa ES upang ibukod sa mga salitang Ingles na halos katunog ngunit nagsisimula sa S.

eskándaló ( <i>escandalo</i> )	vs	iskándal ( <i>scandal</i> )
estasyón ( <i>estacion</i> )	vs	istéysiyón ( <i>station</i> )
espesyál ( <i>especial</i> )	vs	ispésyal ( <i>special</i> )
eskuwéla ( <i>escuela</i> )	vs	iskúl ( <i>school</i> )
estándárte ( <i>estandarte</i> )	vs	istándard ( <i>standard</i> )
estílo ( <i>estilo</i> )	vs	istáyil ( <i>style</i> )
eskolár ( <i>escolar</i> )	vs	iskólar ( <i>scholar</i> )

# Palitang E/I at O/U

**Kapag nagbago ang katinig**

<b>kumbensiyon</b>	<i>(convencion)</i>
<b>kumpisal</b>	<i>(confesar)</i>
<b>kumbento</b>	<i>(convento)</i>
<b>kumpiska</b>	<i>(confisca)</i>
<b>kumperensiya</b>	<i>(conferencia)</i>
<b>kumbulsiyon</b>	<i>(convulsion)</i>
<b>kumpidensiyal</b>	<i>(confidencial)</i>

# Palitang E/I at O/U

**Epekto ng Hulapi** – nagiging i ang e kapag may hulapi

**babae** - **kababaihan**      hindi kababaehan

**balae** - **balaihin**      hindi balaehin

**tae** - **taihan**      hindi taehan

**bale** - **pabalihin**      hindi pabalehin



# Palitang E/I at O/U

Hindi kailangan baguhin ang E kapag nasa dulo ng mga salitang hiram sa Español at sinusundan ng hulapi.

<b>sine</b>	-	<b>sinehan</b>	hindi sinihan
<b>onse</b>	-	<b>onsehan</b>	hindi onsihan
<b>base</b>	-	<b>basehan</b>	hindi basihan
<b>bote</b>	-	<b>botehan</b>	hindi botihan
<b>korte</b>	-	<b>kortehan</b>	hindi kortihan
<b>peste</b>	-	<b>pestehin</b>	hindi pestihin

# Palitang E/I at O/U

**Epekto ng Hulapi** – nagiging U ang O kapag may hulapi

<b>abo</b>	-	<b>abuhin</b>	<b>hindi abohin</b>
<b>takbo</b>	-	<b>takbuhan</b>	<b>hindi takbohan</b>
<b>kalbo</b>	-	<b>kalbuhin</b>	<b>hindi kalbohin</b>
<b>bago</b>	-	<b>baguhin</b>	<b>hindi bagohin</b>
<b>tukso</b>	-	<b>tuksuhin</b>	<b>hindi tuksohin</b>

# Palitang E/I at O/U

## Kailan Di Nagpapalit?

(1) Hindi kailangang baguhin ang E at O kapag sinundan ng pang-ugnay na **(-ng)**.

“babáeng masipag” at hindi “babaing masipag”

“biròng masakit” at hindi “birung masakit”

# Palitang E/I at O/U

(2) Hindi kailangang baguhin ang E at O kapag inuulit ang salitang-ugat.

**babáeng-babáe** at hindi “babaing-babae”

**birò-birò** at hindi “biru-biro”

**anó-anó** at hindi “anu-ano”

**alón-alón** at hindi “alun-alon”

**taón-taón** at hindi “taun-taon”

**píso-píso** at hindi “pisu-piso”

**pitó-pitó** at hindi “pitu-pito”

**pátong-pátong** at hindi “patung-patong”

# Palitang E/I at O/U

Huwag baguhin ang dobleng “O”

**nood**

*panoorin*

**poot**

*kapootan*

**doon**

*paroonan*

**boto**

*botohan*

**goto**

*gotohan*

**abono**

*abonohan*

**loko**

*lokohin*

# Palitang E/I at O/U

**Huwag baguhin ang UO**

**buo**

*kabuoan*

**suot**

*kasuotan*

**salimuot**

*kasalimuotan*

# Palitang E/I at O/U

- Mag-ingat dahil may magkaibang kahulugan

sálo-sálo—magkakasáma at magkakasabay na kumain

salusálo—isaing piging o handaan para sa maraming tao

bató-bató—paglalarawan sa daan na maraming bato

batubató—ibon, isaing uri ng ilahas na kalapati

halo-halo—pinagsama-sama

haluhalo—pagkaing may yelo at iba pang sangkap

# Kailan NG at kailan NANG

**Alin ang tama?**

Tumakbo ka ng mabilis.

Tumakbo ka nang mabilis.



# Kailan NG at kailan NANG

## Mga Gamit ng “Nang”

- Ginagamit ang “nang” na kasingkahulugan ng “**noong**”.
  - “Umaga nang barilin si Rizal.
  - “Nang umagang iyon ay lumubha ang sakit ni Pedro.”
- Ginagamit ang “nang” na kasingkahulugan ng “**upang**” o “**para**”.
  - “Dinala si Pedro sa ospital **nang magamot.**”
  - “Matulog ka na **nang maaga kang magising bukas.**”

# Kailan NG at kailan NANG

## Mga Gamit ng “Nang”

- Ginagamit ang nang bílang pang-angkop ng inuulit na salita

“Barilin man **nang barilin** si Rizal ay hindi siyá mamamatay sa puso ng mga kababayan.”

“Siya ay umawit **nang umawit.**”

# Kailan NG at kailan NANG

## Mga Gamit ng “Nang”

- Ginagamit ang nang para sa pagsasabi ng **paraan**  
“Tumakbo siya **nang** mabilis.”

# Kailan NG at kailan NANG

## Mga Gamit ng “Ng”

- **Ginagamit para maipakilala ang tagatanggap ng kilos**

Bumili [ng ano?] **ng pagkain** ang babaw.

Si Elena ay nagluto [ng ano?] **ng manok**.

# Kailan NG at kailan NANG

## Mga Gamit ng “Ng”

- **Ginagamit upang tukuyin ang ugnayan o relasyon**

Ang ina [nino?] **ng bata** ay nagpunta sa palengke.

Ang bahay [nino?] **ng lalaki** ay bago.

# Kailan NG at kailan NANG

## Mga Gamit ng “Ng”

- Para matukoy o makilala ang gumagawa ng kilos na balintiyak [passive action o tagatanggap ng kilos]

Kinain [nino?] ng aso ang tinapay.

Binili [nino?] ng batang babae ang aklat.

# Kailan NG at kailan NANG

## Mga Gamit ng “Ng”

- Iba pa

Oras at Petsa

Umuwi **ng umaga** si Ben.

Gumigising ako tuwing ikapito **ng umaga**.

Sa ika-5 **ng Disyembre** ang kaarawan ko.

# Kailan NG at kailan NANG

**NANG** - Sumasagot sa tanong na paano at gaano

**NG** - Sumasagot sa tanong na ano o nino/sino?



# Kailan NG at kailan NANG

**Alin ang tama?**

Tumakbo ka ng mabilis.

**Tumakbo ka nang mabilis.**



- Ang bahay \_\_\_\_\_ aking kaibigan ay nasa Quezon City.
- Ang bata ay nagbasa \_\_\_\_\_ paupo.
- Ang pangalan \_\_\_\_\_ asawa ko ay John.
- Kumakain \_\_\_\_\_ gulay ang malusog na bata.
- Tumayo siya \_\_\_\_\_ bigla

- Si Peter ay kumain \_\_\_\_\_ mabilis.
- Magkano ba ang isang kilo \_\_\_\_\_ asukal?
- Nagalit siya \_\_\_\_\_ umalis ako.
- Bilin ni Nanay na umuwi ako \_\_\_\_\_ maaga.

# Pagbabalik sa Tuldik

- Tinanggap ni Floyd ang *hamon* ni Pacman.

hamón?



# Pagbabalik sa Tuldik

- Tinanggap ni Floyd ang *hamon* ni Pacman.

hámon?



**láya 1: [Bik, Hil, Seb, War] uri ng lambat na gamit sa pangingsda 2: [Twl, Isi, Gad] luya**

**layá [Ilk, Itw, Iba]: luya**

**layâ 1: [Tag] walang disiplina 2: [Bik] bunga ng niyog 3: [Kin, Seb, War] tuyông dahon o sanga 4: [Iba] inahing baboy**

**lâya [Bik]: luya**

**layà [Tag]: libertad**

# Pagbabalik sa Tuldik

## Paraan ng Pagbikas sa Filipino

- malúmay
- malumi
- mabilís
- maragsâ

## Tuldik na dapat gamitin

- pahilís ( ´ )
- paiwà ( ` )
- pahilís ( ´ )
- pakupyâ ( ^ )

# Pagbabalik sa Tuldik

## Malúmay

### Nagtatapos sa Patinig

dalága

babáe

saríli

táo

sampalatáya

### Nagtatapos sa Katinig

nánay

silángan

kilábot

tahímik

kapisánan



# Pagbabalik sa Tuldik

## Malumì

batà (child)  
talumpatì  
dambuhalà

dalamhatì  
kulasisì  
labì

# Pagbabalik sa Tuldik

## Mabilís

### Nagtatapos sa Patinig

takbó

isá

malakí

batubató

### Nagtatapos sa Katinig

bulaklák

katawán

alagád

alitaptáp

# Pagbabalik sa Tuldik

## Maragsâ

kaliwâ

dukhâ

sampû

tatlumpû

salitâ

butikî

panibughô

# Pagbabalik sa Tuldik

## Dagdag na gamit ng pakupyá

- simbolo sa impit na tunog sa loob ng isang salita na nagaganap sa Bikol at mga wika sa Cordillera.

# Pagbabalik sa Tuldik

- **lîmuhen** (Tiboli) ibong nagbibigay ng babala ang huni
- **tîsing** (Tiboli) singsing
- **bûngaw** (Bikol) bangin, na iba sa búngaw,  
Bikol din para sa sakit na luslós.
- **kasâlan** (Bikol) kasalanan
- **bâgo** (Bikol) bágo
- **hûlung** (Ifugaw) patibong sa daga
- **mâkes** (Ibaloy) pagbatì
- **sâbot** (Ibaloy) dayuhan

# Ang Schwa

- Tunog na matatagpuan sa Mëranaw, Pangasinan, Ilokano, mga wika sa Cordillera, Akëanon, Kiniray-a at iba pang wika sa bansa

ë

- Dagdag ito sa mga tuldik na *paiwà* ( ` ), *pahilís* ( ´ ), at *pakupyâ* ( ^ )

# Ang Schwa

<b>wën</b> (Ilokano)	katapat ng oo
<b>kën</b> (Ilokano)	katapat ng din/rin
<b>këtkët</b> (Pangasinan)	katapat ng kagat
<b>silëw</b> (Pangasinan)	katapat ng ilaw
<b>Panagbënga</b> (Kankanaëy)	panahon ng pamumulaklak
<b>tëlo</b> (Mëranaw)	katapat ng tatlo
<b>matëy</b> (Mëranaw)	katapat ng matagal
<b>sëlëd</b> (Kinaray-a)	katapat ng loob
<b>yuhëm</b> (Kinaray-a)	katapat ng ngiti
<b>gërët</b> (Kuyonon)	katapat ng hiwa

# Gamit ng Gitling

## 1. Sa inuulit na salita

anó-anó

aráw-áraw

gabí-gabí

sirâ-sirâ

ibá-ibá

maya-maya



# Gamit ng Gitling

## Sa Inuulit na Salita

pali-palíto

kani-kaniya

balu-baluktót

pabálik-bálik

nagkawasák-wasák

pagbali-baligtarín

pabula-bulagsák

# Gamit ng Gitling

## Sa Paghihiwalay ng Katinig at Patinig

- ✓ Nagtatapos sa katinig ang naunang pantig
- ✓ Nagsisimula sa patinig ang kasunod na pantig

pag-ása

ágam-ágam

mag-isá

pang-apat

hay-iskúl

intér-aksiyón

lip-istík

# Gamit ng Gitling

Ilang maling gawi ng marami

nag punta (Wasto: nagpunta)

pinag-sama (Wasto: pinagsama)

magisa vs mag-isa

# Gamit ng Gitling

**Kapag inuunlapan ang pangngalang pantangi**

pa-Mandaluyong

taga-Itogon

maka-Filipino

# Gamit ng Gitling

Kapag salitang banyaga at nása orihinal na baybay ang kasunod

<b>pa-cute</b>	o	pakyyut
<b>ipa-cremate</b>	o	ipakrimeyt
<b>maki-computer</b>	o	makikompiyuter

# Gamit ng Gitling

## Sa Kasunod ng “De”

de-kolór

de-máno

de-kahón

de-bóla

de-láta

de-bóte

# Gamit ng Gitling

## Sa Kasunod ng “Di.”

di-mahapáyang-gátang

di-mahipò

di-maitúlak-kabígin

di-mahúgot-húgot

di-kágandáhan

di-maliparáng-uwák

Maraming salamat po!





## KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

(02) 733-7260; (02) 736-2525 loc 102

[www.kwf.gov.ph](http://www.kwf.gov.ph)

[komisjonsawikangfilipino@gmail.com](mailto:komisjonsawikangfilipino@gmail.com)

[komfil@kwf.gov.ph](mailto:komfil@kwf.gov.ph)

I-like ang KWF sa Facebook!

[www.facebook.com/angkomisjonsawikangfilipino](http://www.facebook.com/angkomisjonsawikangfilipino)

Sundan ang KWF sa Twitter!

@KWFilipino